# PAMAHALAANG BAYAN NG TAYTAY

## Tanggapan ng Sangguniang Bayan

BAHAGI NG KATITIKAN NG PANGKARANIWANG PULONG NG SANGGUNIANG BAYAN, TAYTAY, RIZAL, NA IDINAOS NUONG MAYO 25, 1995, SA SILID PULUNGAN NG PAMAHALAANG BAYAN

DUMALO:

| | |
|---|---|
| Kgg. Pablo J. Gonzaga | - Pang. Punong Bayan |
| Kgg. Carlos V. Borja | - Konsehal |
| Kgg. Nolasco V. Reyes, Jr. | - " |
| Kgg. Filomeno I. Naval | - " |
| Kgg. Jaime L. Mariano | - " |
| Kgg. Nestor SJ. Naval | - " |
| Kgg. Antonio B. Naval | - " |
| Kgg. Joseph F. Zapeda | - " |
| Kgg. Ceferino D. Pullante | - " |
| Kgg. Andres C. Cruz, Jr. | - ABC President |
| Kgg. Janet D. de Leon | - SK President |

HINDI DUMALO: WALA.

- - - - - - - - - - - -

KAPASIYAHAN BILANG 46

KAPASIYAHANG NAGSASAAD NG PAGTANGGAP SA "TURNOVER" NG "ROAD LOTS AND OPEN SPACE" NG SUNRISE SUBDIVISION, BRGY. SAN ISIDRO, TAYTAY, RIZAL.

SAPAGKAT, ang pagtanggap ng "Turnover" ng "Road Lots and Open Space" ng Sunrise Subdivision sa lugar ng Brgy. San Isidro ng bayang ito ay ipinahihintulot at inarerekomenda ng Taytay Housing and Land Use Regulatory Board (THLURB) ng Pamahalaang Bayan ng Taytay;

SAPAGKAT, ang nabanggit na "Turnover" ng "Road Lots and Open Space" ay sinangayunan ng Homeowners Association ng Sunrise Subdivision, salig sa kanilang "Resolution of conformity sa bagay naito; at

SAPAGKAT, alang-alang sa kapakanan ng mga taong naninirahan dito gayundin ng mga mamamayang nagpapari't-parito sa lugar naito ay marapat lamang na ito ay aprobahan;

DAHIL DITO, matapos ang pagpapalitan ng mga kuro-kuro, sa mungkahi ni Kon. Carlos V. Borja, na pinangalawahan ni ABC Andres C. Cruz, Jr., ay,

PINAGPASIYAHAN, na kagaya ng pagkakapasiya na pagtibayin, kagaya ng pagkakapatibay, ang pagtanggap ng "Turn-over ng Road Lots and Open Space" ng Sunrise Subdivision, Brgy. San Isidro, Taytay, Rizal, alang-alang sa kahilingan ng Homeowners ng nasabing Sunrise Subdivision;

PINAGPASIYAHAN PA, na ipadala ang sipi ng Kapasiyahang ito sa mga kinauukulan para sa kanilang kabatiran at upang mabigyan ng kaukulang hakbang;

PINAGTIBAY NG LUBUSAN.

PINATUTUNAYAN KO, na ang Kapasiyahang ito ay tunay at siyang katotohanan.

PABLO J. GONZAGA
Pangalawang Punong Bayan
(Tagapamatnugot)

PINAGTIBAY:

GODOFREDO C. VALERA
Punong Bayan

LEOVIGILDA D. DE BORJA
Board Secretary II
Acting SB Secretary